



Southern
California
Gas Company

A  Sempra Energy utility®

GABAY SA PAMBAHAY NA ENERHIYA AT KALIGTASAN

Mga Katotohanan,
Pabuya at Impormasyon

socalgas.com

Sundan kami sa:  Twitter at  Facebook

Pambungad na Salita

Pagkilala sa Southern California Gas Company	2
--	---

Impormasyong Pangkaligtasan

Sa panahon ng kagipitan	3
Paano kilalanin at tugunin ang pagsingaw na gas	4-5
Paano patayin ana gas sa panahon ng kagipitan	5-6
Kaligtasan sa linya ng tubo & tumawag bago maghukay	6-7
Pagpapanatili ng inyong mga linya na gas	8
Ligtas na daan & pakikialam ng metro	9-10
Paano basahin ang inyong metro	10
Mga pangangailangang sa Pagpapausok	10-11
Babala tungkol sa Carbon Monoxide	11-12
Gawaing Pangkaligtasan ng mga Appliance	12-13
Gawaing Pangkaligtasan ng Kalan at Pugon	13-15
Gawaing Pangkaligtasan ng Initang Tubig at dryer	15-17
Mga panggatong na para sa natural gas na pugon	17
Mga pabuya ng gawaing pangkaligtasan sa attic	17
Mga impormasyong nauukol sa Pagpapanumbalik na Appliance	18

Mga Pabuya sa Pagtitipid

Mga pabuya para makatulong sa inyong pagtitipid	18-19
Halaga ng natural gas	20

Tungkol sa Singil na gas

Ang pagbasa ng inyong buwanang singil	21-22
Mga pangkaraniwang katanungan	23-24
Pagbabayad ng inyong buwanang singil	24
Mga pagpipiliang paraan ng pagbayad & mga lokasyon ng mga sangay	25-26

Mga Programa sa Pagtulong sa Mamimili

Diskuwento & Tulong sa singil	26-27
Pagpapaalala ng takdang pagbayad	27

Mga Programa sa Maayos na Pagtakbo ng Enerhiya & Panunumbalik ng Kabayaran

Panunumbalik ng kabayaran	27
Mga pagsusuri ng enerhiya sa pamamahay	28
Energy Upgrade California	28
Mga maaaring paraan ukol sa pananalapi	28

Iba pang mga Serbisyo

24-oras na pagtugon sa kagipitan	29
Linya para sa pansariling serbisyo	29
Mga appointment sa pamamahay	29

Kontakin Kami

Paano kami makakausap	30-31
-----------------------------	-------

PAKIKIPAGKILANLAN SA SOUTHERN CALIFORNIA GAS COMPANY (SOCALGAS®)

HIGIT PA SA 140 TAON, KAMI'Y NANGANGAKONG MAGHATID NG MALINIS, LIGTAS, AT MAAASAHANG NATURAL GAS SA AMING MGA MAMIMILI. ITONG GABAY PARA SA PABAHAY NA ENERHIYA AT KALIGTASAN AY IDINISENYO UPANG MASAGOT ANG INYONG MGA KATANUNGAN TUNGKOL SA NATURAL GAS, AT ITO'Y MAY KASAMANG MGA PARAAN KUNG PAANO ITO MAAARING GAMITIN NG LIGTAS AT NAKATITIPID.

Alam ba ninyo, na ang SoCalGas ay nagaalok ng maraming mga kumbinyenteng serbisyo at mga programang makatitipid ng pera? Eto ang mga ilang mahahalagang paraan:

- Mauna sa pagtanggap ng balita tungkol sa mga nakatitipid na panunumbalik ng kabayaran at mga special offer – magpalista upang makatanggap ng minsanang mga email sa pamamagitan ng pagtungo sa **socalgas.com**.
- Makatipid ng oras at pera. Magpalista upang makatanggap, matingnan, at makapagbayad ng inyong pagsingil sa gas sa pamamagitan ng aming secure site, sa pamamagitan ng pagtungo sa **socalgas.com**. Maaari din kayong humiling na umpisahan o tapusin ang inyong serbisyo ng gas, pagtakda ng oras ng serbisyo sa inyong mga appliance, humiling ng mga kasunduan ng pagbabayad at iba pa.
- Kung kayo'y gumagamit ng My Account, ngunit kalilipat lamang ninyo ng tirahan o nagbago ng email address, maaari ninyo lamang baguhin ang inyong impormasyon sa My Account sa lalong madaling panahon.
- Ang pagtitipid ng ating mga likas na yaman at nag-uumpisa sa tahanan. Alamin kung paano sa pamamagitan ng pagkumpleto sa libreng pagsusuri ng enerhiya sa online sa **socalgas.com**. Magtungo sa ika-28 na pahina.
- Pagsamantalahan ang maaaring makamtang panunumbalik ng kabayaran sa mga kuwalipikadong paghuhusay ng isinaayos na enerhiya. Magtungo lamang sa **socalgas.com**.
- Kung kayo'y nangangailangan ng pinansiyal na tulong, kami'y nag-aalok ng ilang mga programang makatutulong. Magtungo sa ika-26 na pahina o sa **socalgas.com**.
- Matutunan kung paano gamitin ng ligtas ang natural gas. Magtungo sa ika-3 hanggang ika-18 na pahina para sa mahahalagang impormasyon o magtungo sa **socalgas.com**.

SA PANAHOON NG KAGIPITAN

Maging handa sa mga kagipitan at matutunan kung paano patayin ang gas sa inyong metro (magtungo sa ika-limang pahina para sa mga tagubilin). Matapos lumindol, patayin ang gas sa inyong metro KUNG ligtas gawin ito at KUNG naka-aamoy kayo ng gas, nakaririnig ng tunog ng sumisingaw na gaso nakakikita ng iba pang mga tanda ng pagsingaw. Laging mag-ingat kapag humahawak sa metro ng gas, tubo ng gas, mga balbula, nakakabit na piyesa at ibang mga kagamitang pang gas. Ang mga pambahay na appliance na may depekto o mga kordon ng enerhiya na may depekto ay maaring makapaghatid ng enerhiya sa metro ng gas at kaugnay na kagamitan at magdulot ng electric shock kapag ito'y nahawakan.

Bago mangyari ang isang kagipitan

- Alamin kung saan ang inyong metro ng gas at maglagay ng 12" o mas malaki pang birador sa inyong kagipitan supplies, malapit sa labasan ng inyong gusali, o malapit sa balbula ng pagpatay ng metro ng gas. Huwag ilagay ang birador sa metro o sa ibang tubo ng gas.
- Upang makatulong sa pigilan ang inyong pang-init ng tubig o water heater sa paggalaw o pagbuwag sa panahon ng lindol, itali ito nang mahigpit sa tadyang ng dingding sa dalawang lugar – sa itaas at ibabang ikatlong bahagi na mahigit-kumulang sa apat na pulgada sa ibabaw ng thermostat control. Ang mga kagamitan nito ay kadalasa'y mabibili sa inyong pampook na tindahan ng hardware at inirerekomenda naming na ipakabit ninyo ito sa isang lisensiyado at kuwalipikadong propesyonal.
- Tumawag sa SoCalGas o sa isang lisensiyado at kuwalipikadong propesyonal upang palitan ang anumang bahagyang matigas na mga pangkabit ng mga appliance ng gas na gawa sa aluminum o tinga ng aprupadong pangkabit na nababaluktot.
- Siyasatin ang mga safety devices, tulad ng smoke at carbon monoxide detectors, upang masiguro na ang mga ito'y gumagana ng maayos.
- Tumawag sa SoCalGas o sa isang lisensiyado at kuwalipikadong propesyonal upang siyasait ang inyong pugon at iba pang appliance ng gas para sa ligtas na pagpapaandar ng mga ito at upang magawan ng mga angkop na pagkumpuni. Siguraduhin na ang mga pangkabit na nababaluktot ay wala sa lugar na may panganib sa pagkasira o dumadaan sa mga sahig, dingding, o kisame.

Matapos ang isang kagipitan

- HUWAG patayin ang gas sa inyong metro maliban na lamang kung kayo'y nakaaaamoy ng gas, naririnig ang tunog ng sumisingaw na

gas o nakakakita ng iba pang tanda ng pagsingaw at KUNG ligtas lang gawin ito. Huwag ninyong itong subukan buksan. Tumawag sa SoCalGas upang muling buksan ang gas, sindihan ang mga pilot at bigyang serbisyo ang mga appliance para sa maayos na pagpapatakbo.

- Siyasatin ang mga daluyan ng singaw ng inyong water heater at pugon. Kung ang sistema ng singawan ay mahiwalay sa panahon ng paglindol o ng iba pang pangyayari, maaari sumingaw ditto ang mapapanganib na usok sa inyong pamamahay. Huwag paandar ang inyong appliance maliban na lamang kung ito'y may maayos na daluyan ng singaw. Ang mga tanda ng hindi maayos na daluyan ng singaw ng isang appliance ay ang pagkakaroon ng kahalumigmigan sa loob ng mga bintana o ng di pangkaraniwang amoy kapag pinaaandar ang appliance.
- HUWAG magsindi ng apoy o gumamit ng anumang di-kuryenteng appliance, switch ng ilaw o ng iba pang mga kagamitang maaaring makadulot ng hangga't nasiguro na ninyong walang mga sumisingaw na gas.

PAANO KILALANIN AT KUNG PAANO TUMUGON SA PAGSINGAW NG GAS

Mahalagang tandaan na higit na nakakapagpa-siklab ng apoy ang natural gas at ang simpleng pagsiklab ay magiging sanhi ng pagliyb. Gamitin ang inyong pagtingin, pandinig at pang-amoy, kasama na ang anuman sa mga sumusunod na tanda, na maaaring mag-alerto sa inyo ng pagka-meron ng pagsingaw ng gas:



Tingnan

- Ang may sirang koneksiyon sa isang appliance ng gas.
- Dumi o tubig na umiihip sa hangin.
- Patay o namamatay na halaman (sa mamasa-masang lugar) sa itaas o malapit sa lugar ng mga tubo ng gas.
- Sunog o pagsiklab na malapit sa tubo ng gas.
- Nakalitaw na tubo ng gas matapos ang lindol, sunog, baha o iba pang sakuna.



Pakinggan

- Ang di pangkaraniwang tunog, tulad ng pagsitsit, pagpito o pagugong na malapit sa isang linya ng gas o appliance.



Amuyin

- Ang katangitanging amoy* ng natural gas.

* Ang ibang tao ay maaaring hindi maamoy ang natural gas sa kadahilanan ng mas mahinang pang-amoy, olfactory fatigue (normal, panandaliang pagkawala ng pagkilanlan sa amoy matapos ang matagalang pag-amoy nito) o dahilan sa ang amoy ay natataqgo ng ibang mga amoy na dumadaloy tulad ng pagluluto,

pagkabasa, maamag o kemikal na amoy. Sa karagdagan nito, ang mga tiyak na kondisyon sa tubo o lupa ay maaaring makadulot ng pagkupas ng amoy – ang pagkawala ng pag-amoy na nagging daan sa pagkawala ng pagkilanlan nito sa pag-amoy. Para sa karagdang impormasyon sa pagkupas ng amoy, magtungo lamang sa socialgas.com.

Kung inyong naamoy ang natural gas o may suspetsa ng sumisingaw na gas


- MANATILING kalmado.
- HUWAG magsindi ng posporo, kandila o sigarilyo.
- HUWAG magbukas ng mga de kuryenteng appliance o magsindi o magpatay ng ilaw o gumamit ng anumang kagamitang maaaring makadulot ng pagsiklab.
- Agarang umalis sa lugar, at mula sa ligtas na lugar, tumawag sa SoCalGas sa numero bilang **1-800-427-1345** 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo; o tumawag sa **911**.



PAANO MAGPATAY NG GAS SA PANAHO NG KAGIPITAN

Sa panhon ng kagipitan, mahalagang malaman kung saan matatagpuan ang inyong metro ng gas.

Pagkaharap ninyo ang metro, makikita ninyo ang tubong tumatakbo mula sa lupa hanggang sa metro. Mayroon itong Shut-Off valve na kahilera ng tubong tumatakbo at pangkaraniwang 6 hanggang 8 na pulgada sa ibabaw ng lupa. **Gumamit ng 12-pulgada o higit pang birador upang ikutin ang balbula ng ikapat na ikot sa anumang direksiyon hanggang ang balbula ay pahalang sa tubo (tingnan ang larawan).**



Malapitang larawan ng pangkaraniwang balbula na gas

Mahalaga: Laging gumamit ng babala paghumahawak ng mga metro ng gas, tubo ng gas, balbula at mga nakakabit na piyesa. Mga may depekto na pambahay na appliance o mga kordon ng enerhiya na may depekto ay maaaring makapaghatid ng enerhiya sa metro na gas at kaugnay na

kagamitan ng gas na makakapagdulot ng electric shock.

Matapos patayin ang inyong gas

Kung patayin ninyo ang inyong gas sa metro, iwan itong nakasara. Huwag ninyo itong subukang buksan muli. Tumawag sa SoCalGas upang muling buksan ang gas, at sindihan ang mga pilot at serbisuhin ang inyong mga appliance.

Mga balbulang pangpatay ng gas

Para sa inyong kaligtasan, kailangang magpakabit ng balbulang pangpatay sa bawat appliance ng gas sa pagitan ng dingding at ng kabitan ng appliance. Kung may pagsingaw sa isang tiyak na appliance, ang babula ang siyang magagamit ninyo upang patayin ang gas sa appliance imbes na patayin ang buong serbisyo sa metro. Ang ilang mga balbula ay nangangailangan ng birador upang ipihit ito.



Ang mga balbula ng pagpatay sa mga appliance na gas ay magbibigay sa inyo ng pagkakatatayin ang gas sa tiyak na lugar sa panahong magkaroon ng singaw sa tiyak na appliance.

KALIGTASAN SA LINYA NG TUBO

Pagpapanatili ng linya ng tubo at pagsasaayos

Kauglian naming gumagawa ng mga gawaing pangkaligtasan, kasama na ang pagpapatrol, pagsusubok, pangungumpuni, at pagpapalit ng mga linya ng tubo. Aming natutupad o nahihigitan ang lahat ng mga pangangailangang pederal at ng estado para sa ligtas na operasyon at pagpapanatili ng linya ng tubo, kasama na ang pangmalagiang teknikal na pagsasanay at pagsusubok para sa mga empleyado. Ang aming layunin ay tugunin at resolbahin ang mga potensyal na suliranin bago mangyari ang mga ito. Isinagawa din ang SoCalGas ang isang matinding programa ng pamamalakad ng integridad sa mga lugar na higit na maraming naninirahan. Gumagamit kami ng makabagong kagamitan sa pag-inspeksiyon upang mabantayan ang kondisyon ng tubo at masiguro ang pagka-epektibo n gaming patuloy na Gawain sa pagpapanatili. Upang maisagawa ang mga mahahalagang inspeksiyong ito, ang lugar na lumilibot sa aming mga linya ng tubo ay kailangang maging ligtas sa mga halaman, puno, bakod at ibang mga estruktura.

Ang mga tanda ay nagsasabi kung saan ang karamihan ng mga pangunahing linya ng tubong malapit sa inyo

Ang mga tanda ay sadyang nagsasabi lamang kung saang humigit-kumulang ang mga nakabaon na linya ng tubo. Hindi sinasabi ng mga tanda ang lalim o bilang ng linya ng tubo sa isang lugar. Upang tingnan ang mapa at makilala ang mga tanyagong lokasyon

ng mga pangunahing linya ng tubo sa inyong lugar, magtungo lamang sa Gas Transmission at High Pressure Distribution Pipeline Interactive Map sa socalgas.com o sa website ng National Pipeline Mapping System sa www.npms.phmsa.dot.gov/. Ang mga mapang ito ang pangmalawakang lokasyon ng mga linya ng tubo at hindi kailanmang gagamitin bilang pamalit sa pagtawag sa **811** dalawa o higit pang araw ng kalakal bago maghukay. *"Siguraduhin: Ang website ng NPMS ay nagdadala sa inyo sa ibang website, na hindi parte ng SoCalGas, at hindi nagpapakita ng mga lokasyon ng High Pressure Gas Distribution Lines.*

TUMAWAG SA 811 BAGO KAYO MAGHUKAY – LIBRE ITO!

Ang mga linya ng tubo ay maaaring kung saan-saan nakabaon, sa ilalim ng kalsada, mga bangketa at pribadong pag-aari, minsan ilang pulgada lamang sa ilalim ng lupa. Paghuhukay, pagtatanim, pagbubuwal at iba pang uri ng paghuhukay ang mga matindi sanhi ng pagkasira ng linya ng tubo. Kaya mahalagang malaman kung saan ang mga ito bago kayo magumpisa ng anumang uri ng paghuhukay.

Kung kayo'y nagplano ng pagtayo ng malaking development o magla-landscape ng inyong bakuran, pangalagaan ang inyong kaligtasan at ang kaligtasan ng mga nakapaliligid sa inyo sa pamamagitan ng pagtawag sa **Underground Service Alert sa 811**, dalawa o higit pang araw ng kalakal, bago maghukay. Maari din kayong tumawag sa Underground Service Alert sa pagitan ng 6:00 a.m. at 7:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes (maliban sa mga araw ng pista o holiday). Ang Underground Service Alert ang siyang makikipag-ugnayan sa SoCalGas at ng iba pang mga may-ari ng mga palikurang-bayan sa inyong lugar upang markahan ang mga lokasyon ng mga nakabaon na linyang pag-aari ng palikurang-bayan. Ito'y isang LIBRENG serbisyo at maaari itong humadlang sa pagkapinsala, mamahaling pagkasira ng pag-aari at pagkawala ng serbisyo ng palikurang-bayan.


Matapos mamarkahan ang lahat ng mga linya, maingat ninyong gamitin lamang ang pangkamay na instrumento at maghukay sa loob ng 24 pulgada ng bawat markadong linya ng palingkurang-bayan upang malaman ang tiyak na lokasyon ng lahat ng linya bago gumamit ng anumang using power equipment na panghukay sa lugar na iyon. Sukatin ang 24 pulgada sa labas ng paikot sa bawat tabi ng linya ng tubo. Isangguni agad ang anumang sira sa linya ng tubo sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-427-1345**. ISANGGUNI ANG ANUMANG SIRA KAHIT NA ITO AY MALIIT. Kahit na ang maliit na butas, gasgas, o kupi sa linya ng tubo, sa balat nito, o sa anumang pirasong nakabit sa o katabi nito, tulad ng alambre, ay maaaring makadulot ng mapanganib na pagkawakas o pagsingaw sa hinaharap. Kung kayo'y nakadulot ng tila

maliit LAMANG na sira sa isang linya ng tubo, O ANUMANG PIRASONG NAKAKABIT DITO, kailangan PA RIN ninyong sabihin ito sa amin sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-427-1345**. Para sa karagdagang impormasyon ng kaligtasan para sa linya ng tubo, magtungo lamang sa socalgas.com.

PAGPAPANATILI NG INYONG MGA LINYA NG GAS

Ang SoCalGas ay responsable sa pagpapanatili ng linya ng gas na naghahatid ng natural gas sa inyong metro. Ngunit kung kayo'y may-ari, manager ng pag-aaari, umuupa at/o nakatira, kayo ay responsable sa pagpapanatili ng lahat ng mga linya ng gas sa inyong gawi ng metro. Kasali sa mga linya ng gas na pagmamay-ari ng mga mamimili ang:

- Nagmumula sa inyong metro ng gas hanggang sa mga appliance sa inyong ari-arian.
- Nagmumula sa metro ng gas sa tabi ng bangketa hanggang sa bahay (kung ang metro ay wala sa tabi ng bahay).
- Nagmumula sa inyong metro sa ilalim ng lupa hanggang sa isang gusali, heater ng pool/spa, barbecue o iba pang appliance na gas.



Ang hindi pagpapanatili ng mga linya ng tubo ay maaaring magresulta sa mga maaaring mangyaring panganib sanhi ng pagka-agnas at pagsingaw. Upang maayos na panatiliin ang inyong linya ng gas, kailangan ninyo ito minsanang pasiyasatin upang natukoy ang mga mapanganib na kondisyon, kasama ang pagka-agnas (kung ang tubo ay gawa sa yero o iba pang bakal) at mga singaw, at ipaayos ang anumang mapanganibna kondisyon sa lalong madaling panahon. Ang isang lisensyado at kuwalipikadong propersyonal, tulad ng kontratistang tubero o ng heating contractor ay maaaring makatulong sa inyon sa paghahanap, pagsisiyasat at pangungumpuni ng inyong mga nakabaon na linya ng gas.

PAUNAWA: Kung kayo'y nagmamay-ari ng isang master-metered na sistema ng linya, ang U.S. Department of Transportation ay nagsasabing kinakailangan ninyong sabihan ang inyong mga umuupa tungkol sa mga impormasyong tinatalakay dito. Maaari ninyong gawin ito sa pamamagitan ng paglalagay ng mga kopya ng lathalaing ito sa isang lugar na malimit kinagagawian ng inyong mga umuupa.

TUNGKOL SA METRO NG GAS

Ligtas na daan ay kinakailangan

Ang SoCalGas ang nagmamay-ari at nagpapanatili ng metro, regulator at mga kaugnay na tubo na nasa inyong pag-aari. Ayon sa Tariff Rule 25, ang SoCalGas ang siyang may karapatan sa daan patungo sa mga pasilidad nito na nasa inyong pag-aari. An gaming mga empleyadong nagbibigay-serbisyo ay kailangang magkaroon ng ligtas na daan patungo sa metro na malaya sa halamanan, struktura, kalat o anumang mga nakatitid na bagay. Siguraduhing siyasatin ang daan patungo sa inyong metro upang siguraduhing wala ang mga mapanganib na kondisyong ito. Kung nais ninyong panatiliing nakakandado ang inyong gate, maaari ninyo lamang kaming tawagan upang gumawa ng kasunduang magkaroon kami ng daan upang mabasa ang metro sa mga takdang araw sa hinaharap. Maaari din naming kayong tawagan tungkol sa inyong nakakandadong gate kung kailangan naming gumawa ng trabaho sa metro o siyasatin ang nakabaong mga tubo. Sa panahon ng kagipitan, ang kawani ng mg bumbero o ang SoCalGas ay maaaring kailanganing patayin ang metro sa dahilan ng kaligtasan. Maaari ninyo lamang siguraduhing ito'y may ligtas na daanan.

Isang beses sa isang buwan binabasa ang mga metro sa o malapit sa takdang araw ng pagbasa (nakasulat sa inyong singil ng gas). Kung ang inyong metro ay walang daanan sa anumang kadahilanan, maaari kayong makatanggap ng tantyadong singil ng gas. Pinagbabawal sa mga nagbabasa ng metro ang pumasok sa mga bakurang may mapanganib o hindi mabait ng aso, at pinagbabawal ang aming mga empleyadong nagbibigay-serbisyo pumasok sa mga bakuran kung mayroong anumang aso. Kaya't para sa ikaliligtas n gaming mga empleyado, laging ikulong ng maayos ang inyong aso na malayo sa metro ng gas. Panatiliing nasa loob ng bahay, garahe o iba pang maayos na kulungan sa mga araw ng pagbabasa ng metro at mga araw ng pagseserbisyo. Ang asong nakatali, o nakakadena ay hindi naghahatid sa aming empleyado ng ligtas na lugar ng pagtatrabaho.

Pakikialam sa metro

Ang pakikialam sa metro at/o tubo ng gas ay maaaring maging sanhi ng sunog o pagsabog. Ang California Penal Code ay nagsasabing ito'y isang krimen na sadyang tanggalin, hadlangan o makialam ng anumang balbula, metro, tubo, o iba pang aparatong nakakabit sa anumang pangunahing tubo ng gas o linya ng tubo.

Ang pagkabit at/o koneksiyon ng anumang tubo, aparato o appliance sa anumang bahagi ng metro ng gas o kaugnay na tubo hanggang sa at kasama na ang meter service tee ay pinagbabawal, aalisin, at maaaring magresulta sa karagdagang singil.

Huwag gamitin ang metro ng gas, gas riser, tubo ng gas o mga kaugnay na kagamitan para sa electric bonding o grounding dahil hindi ito ligtas at mahigpit na pinagbabawal. Gumamit ng pag-iingat kapag gagalawin ang metro ng gas, mga riser, balbula and kakabit na bahagi. Ang mga pambahay na appliance na may depekto at mga pambahay na kable ng enerhiya ay maaaring makapag-hatid ng kuryente sa mga pasilidad ng gas na maaaring makadulot ng electric shock.

Sa ilalim ng regulasyong ng California Public Utilities Commission (CPUC), General Order 112-E, ang SoCalGas ang siyang otorisadong magpatakbo ng gas service shut-off valve.

Ang lahat ng mga mamimili ay kinakailangang sagutin ang halaga ng ninakaw na gas. Kung kayo'y may kaalaman sa kung sinumang nakikialam ng mga metro ng gas o ng mga tubo, kailangan ninyong isumbong ito sa SoCalGas. Ang inyong tawag ay aming tatratuhing kompensasyal.

Ang pagbabasa ng inyong metro

Itinatala ng inyong metro ng gas ang inyong konsumo sa sukat ng cubic feet ng natural gas. Ang pagbabasa ng inyong metro ay kasing simple ng pagbabasa ng orasan. Mula sa kaliwa patungong kanan, basahin



lamang ang malalaking dial na may markang 1,000 bawat rebolusyon at higit pa. Ang mga maliliit na dial ay para sa layunin ng pagsisiyasat lamang. Kapag ang isang kamay ay nasa pagitan ng dalawang bilang, itala ang mas mababang bilang. Ang halimbawa ng pagbasa sa itaas ay nagpapakita ng 6084.

Upang malaman ang dami ng gas na inyong kinukonsumo, tingnan ang pagbasa sa umpisa ng siklo ng singil at ang katapusan (ang dalawang pagbasang ito ay naka-imprenta sa inyong singil). Ang kaibahan ng dalawang bilang ang dami ng gas na inyong kinonsumo sa daang cubic feet.

MGA PANGANGAILANGAN SA PAGPAPAUOK

Bilang bahagi ng aming pangakong makapaghatid ng ligtas at maaasahang serbisyo, isasara ng SoCalGas ang serbisyo bago gawin ang pagpapausok ng isang tahanan o tanggapan, at bubuksan din ito matapos ang pagpapausok. Tanging ang SoCalGas lamang ang otorisadong magpatakbo ng gas service shut-off valve. Ang mga kontratista ng pagpapausok ay hindi otorisadong gumawa ng serbisyong ito. Aming ihahatid ang lahat ng mga serbisyong pagsasara ng balbula at muling pagbubukas na walang

bayad para sa inyo. Ang SoCalGas ang siyang magsisiyasat at magsasaayos ng lahat ng appliance para sa kaligtasan at maayos na pagpapatakbo bilang kasama sa serbisyo.

Upang ipaputol ang serbisyo para sa pagpapausok magbigay lamang ng abiso sa kompanya ng dalawa o higit pa na araw ng kalakal para masunod ang kahilingan sa pansamantalang pag-putol ng serbisyo. Upang muling ibalik ang inyong serbisyo ng gas, kailangang bigyan ng abiso ang kompanya ng isa o higit pang araw ng kalakal upang masunod ang hilingan. Tumawag sa **1-800-427-1345** upang itakda ang muling pagbukas ng serbisyo. Ang kahilingan ng serbisyo ng muling pagbubukas ay itinatakda ng hindi bababa sa dalawang araw matapos mailagay ang tolda at napausukan na ang struktura. Maaaring itakda ang muling pagbubukas ng serbisyo sa araw ng pagtanggap ng tolda kung kayo'y makapagbigay sa SoCalGas ng isang "Certification for Re-Entry" mula sa inyong kontratista ng pagpapausok upang mapatalaga na ligtas na ang muling pagpasok sa gusali. Maaari lamang mag-iwan ng malinaw na papuntang metro ng gas at ng harapang pintuan.

Ang mga empleyado ng SoCalGas sa lansangan ay hindi maaaring pumasok sa mga strukturang nakalagay ng buo o bahagya ang tolda para sa pagpapausok.

BABALA SA CARBON MONOXIDE

Upang tulungan kayong panatiliing maayos at ligtas ang takbo ng inyong mga appliance na gas, ang SoCalGas o ang isang lisensyado at kuwalipikadong propesyonal ang magsisiyasat ng inyong mga appliance na gas bawat taon. Kapag hindi nagawa ang taunang pagpapanatili, ito'y maaaring magresulta sa hindi maayos na pagtakbo ng appliance, at sa ibang pagkakataon, makadudulot ng nakapipinsalang paglantad sa carbon monoxide.

Ang carbon monoxide ay isang walang kulay, walang amoy, at walang lasang gas na nabubuo kapag ang mga pampasiklab na base sa carbon, tulad ng kerosene, gasolina, propane, natural gas, langis, uling o kahoy, ay sinunog na may sapat na oxygen, na siyang nakabubuo ng kondisyon na kinikilalang incomplete combustion. Sa kaso ng pambahay na appliance na gas, ito ay maaaring maging sanhi ng maling pagkakakabit, di maayos na pagpapanatili, maling paggamit ng appliance o pagkasira nito. Sa kadahilangang inaalís ng carbon monoxide ang oxygen sa dugo, ang paglantad sa matataas na antas o matagalang paglantad sa mabababang antas ng carbo monoxide ay maaaring magdulot ng ilang mga nakapipinsalang epekto na nagbibigay-daan sa malubhang sakit at pakamatay.

Maging alisto sa: (1) isang dilaw, malaki at malikot na apoy ng burner (maliban sa decorative gas log appliances); (2) di pangkaraniwang masangsang na amoy kapag pinaaandar ang appliance, na maaaring magpahiwatig ng paggawa ng mga aldehydes, na siyang

produkto ng incomplete combustion; at (3) di mapaliwanag na pagkasuklam, pagka-antok, sakit ng ulo, pagkahilo, pagduduwal, mental na pagkalito, paghingal at/o mga simtoma na nahahalin-tulad sa flu.

Kung suspetsa ninyong may carbon monoxide sa inyong tahanan:

- Kung di mapanganib, patayin ang siususpetsahang appliance na gas.
- Umalis sa lugar at tumawag sa **911**.
- Agarang maghanap ng atensyong medikal kung mayroon kayong kasambahay na nakaramdam ng mga simtoma ng posibleng pagkalason ng carbon monoxide.
- Tumawag sa SoCalGas sa **1-800-427-1345** o sa isang lisensyado at kuwalipikadong propesyonal na agarang siyasatin ang nasabing appliance.
- Huwag gamitin ang sinususpetsahang appliance na gas hangga't hindi ito nasisiyasat, naseserbisyoan at natutukoy na ligtas ng SoCalGas o ng isang lisensyadong, kuwalipikadong propesyonal.

Mga alarma ng Carbon monoxide

Ang California's Carbon Monoxide Poisoning Prevention Act of 2010 ay nagsasabing kailangan ng lahat ng mga pag-aaring residensyal na mayroong appliance na nagsusunog ng fossil fuel, fireplace o ng nakakabit na garaheay mayroong aprubadong carbon monoxide alarma. Lahat ng nag-iisang pamamahay ng pamilya ay kailangang mayroong alarma ng carbon monoxide mula ika-1 ng Hulyo 2011. Lahat ng ibang mga residensyal na yunit ay kailangang may alarma ng Carbon Monoxide magmula sa ika-1 ng Enero 2013. Ang mga alarma ng Carbon Monoxide lamang na aprubado ng California State Fire Marshall at mayroon ng sertipikasyon ng Underwriter's Laboratories (UL) ay maaaring gamitin. Ang mga ito'y maaaring bilhin sa inyong mga lokal na hardware at tindahan ng pagsasaayos ng bahay.

MGA PABUYA NG KALIGTASAN SA PAGGAMIT NG MGA APPLIANCE

Ang pagpapanatili ng appliance na gas ay laging responsibilidad ng mamimili. Ang maayos na pag-aalaga ng mga appliance ay nakakatulong sa pagpapanatili nitong maayos at ligtas ang pagtakbo. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga mahahalagang pabuya:

- Taunang patignan ang inyong mga appliance na gas sa isang lisensyado at kuwalipikadong propesyonal o ng SoCalGas.
- Huwag kailanman magtago ng mga basahan, lampaso, papel o ng iba pang madaling masunog ng malapit sa anumang appliance na gas.

- Huwag kailanman magtago ng anumang malapit sa appliance na gas na maaaring makahadlang sa normal na daloy ng hangin ng appliance.
- Huwag kailanman magtago o gumamit ng produktong madaling sumiklab sa silid ng o malapit sa anumang appliance na de-gas o nagbibigay-init. Kasali sa mga produktong madaling sumiklab na gasolina, spray paint, mga solvent, pamatay insekto, mga pandikit, fogger, barnes, mga produktong panlinis at iba pang mga lalagyang may presyon.
- Huwag kailanman gamitin ang inyong hurno, kalan o panlabas na parilya sa pag-iinit ng inyong tahanan dahil ang mga appliance na ito ay hindi idinesenyo para sa layuning ito.



KALIGTASAN SA PAGGAMIT NG KALAN

- Panatiliing malinis at libre sa mga grasa ang ibabaw ng kalan. Ang grasa ay higit na nakasisiklab at ang labis na pag-ipon nito ay maaaring mag-resulta sa sunog.
- Huwag gamitin ang kalan o oben sa pagpapainit ong tahanan.
- Huwag maglagay ng aluminum foil sa hurno o ibabaw ng kalan upang iwasan ang paghadlang sa daang-hangin na maaaring magresulta sa pagkalason ng carbon monoxide.

KALIGTASAN SA PAGGAMIT NG PUGON

Mahalagang panatiliin ang inyong pugon para sa ligtas at maayos na pagpapa-andar nito. Sundan ang mga sumusunod na pabuyang nakalista para sa uri ng pugon sa inyong tahanan.



Pugon sa Sahig



Pugon sa Dingding

Pugon sa sahig

- Iwasan ang pag-ipon ng dumi sa pamamagitan ng madalas na pag-vacuum ng pugon sa sahig at sa lugar na nakapaikot dito.
- Panatiliing malayo ang mga bata sa parilya, at ito'y maaaring maging higit na mainit.
- Iwasan ang mga sunog – huwag maglagay ng mga basahan, kasangkapan, o mga kagamitang madaling masunog sa itaas o malapit sa parilya at huwag hadlangan ang daang-hangin.

Pugon sa dingding

- Buwanang linisin ang loob ng burner compartment ng pugon na nakakabit sa dingding na may daang-hangin sa panahon ng pagpapainit upang maiwasan ang pag-iipon ng dumi.
- Iwasan ang mga sunog – huwag maglagay ng kasangkapan o mga kagamitang madaling masunog ng malapit sa parilya.

Central gravity na pugon

- Panatiliing libre sa anumang balakib ang mga heat registers ng pugon.
- Huwag magtago ng mga kagamitang malapit sa pugon na makahahadlang sa daang-hangin.

Central forced-air heating


Maraming mga pugon na gas ay gumagamit ng hangin mula sa silid upang tumakbo. Ang duming dala ng hangin, o mga bagay na nakatago sa loob o sa paligid ng pugon ay maaaring maging hadlang sa daang-hangin. Upang patakbuhin ng ligtas at maayos, kailangang panatiliing libre sa anumang pag-ipon ng dumi at iba pang hadlang na nakatago ng malapit sa pugon. Huwag kailanman magtago o gumamit ng mga madaling masunog na produkto, tulad ng diyaryo, nakapagpapasiklab na likido o ng mga produktong panlinis nang malapit sa pugon.

- Karamihan ng mga forced-air furnace ay mayroong mga filter o pansala na nililinis ang hangin bago initin at paikutin ito sa pamamahay. Siyasatin ng buwanan ang inyong filter or pansala para sa pag-ipon ng dumi sa mga panahon ng paggamit ng pugon. Linisin o palitan ang filter kung kinakailangan.
- Kapag nagkakabit ng bago o malinis na filter, siguraduhing maayos ang muling pagkabit ng harap na pintuan ng pugon upang ito'y magkasya ng tama. Huwag kailanmang paandarin ang pugon na hindi maayos ang pagkabit ng harap na pintuan dahil ito'y maaaring maging dahilan ng pagkakaroon ng panganib ng pagkakalason ng carbon monoxide. Karamihan ng mga makabagong forced-air furnace ay mayroong safety switch na nakakapigil sa pag-andar ng pugon kung ang pintuan ay wala sa lugar. PAUNAWA: Ang ibang mga makalumang forced-air furnace ay wala nitong safety switch at maaaring paandarin kahit na wala sa lugar ang pintuan.

BABALA: ANG MGA PUGON NA GAS NA WALANG DAANG-HANGIN AY HINDI LIGHTS AT HINDI PINAPAYAGANG GAMITIN SA CALIFORNIA.

Ang mga lumang pugon, kapag ikinabit sa loob ng aparador at pinaandar nang wala sa tamang lugar ang pintuan nito, ay nakakalat ng carbon monoxide sa buong pamamahay.

- Kung kailangan ninyong palitan ang inyong pugon, tumingin ng mga maaaring makuha pang-umalik na kabayaran sa mga kuwalipikadong modelong ENERGY STAR® sa **socalgas.com**.



Tama

Mali

Tama at maling pagkabit ng pintuan para sa central forced-air heating.
Siyasatin ng buwanan ang mga filter sa panahon ng pagpapainit

KALIGTASAN PARA SA PAGGAMIT NG WATER HEATER

Ang lahat ng mga appliance na gas ay mayroong pangunahing apoy ng burner at karamihan ay mayroong ding apoy ng pilot. Sundan ang mga pabuyang ito upang mabawasan ang panganib sa mga nakapagpapasiklab na halipawpaw na maaaring masindiha ng mga apoy na ito.

- Ang mga water heater na nakakabit sa garahe ay kailangang may pinapatungan upang ang pilot o iba pang pagmumulan ng pagsindi ay 18 pulgada o higit pa ang taas mulas sa sahig o ikinabit ng ayon sa lokal na building code at ng mga gabay ng pagkabit mula sa manufacturer.
- PAUNAWA: Ang mga tatak ng manufacturer at/o mga aklat ng gabay sa mga bagong Flammable Vapor Ignition Resistant (FVIR)

na mga tank water heater ay maaaring hindi nakasaad ang pangangailangang may pinapatungan may taas na 18 pulgada o higit pa ang pagkakabit ito sa garahe. Ngunit ang mga naaangkop na tuntunin ay hindi pa binabago upang hindi na sundin ang pangangailangang mataas ang pagkakabit ng mga FVIR water sa garahe.

- Huwag kailanman magtabi o gumamit ng mga produktong madaling magliyab tulad ng gasolina, paint thinner o iba pang produktong panlinis malapit sa o sa iisang silid na kung saan mayroong appliance na gas o nagbibigay-init.
- Ang mga lindol ay maaaring maging sanhi ng pagtaob o paggalaw ng mga water heater na hindi nakataling mabuti. Upang maiwasan ito, itali at ikabit ito sa dalawang lugar sa ganador ng dingding – ang itaas at ibabang ikatlong bahagi ng tanke – at gumamit ng malalaking turnilyo at bakal na pantali. Siguraduhing ilagay ang ibabang pantali na apat na pulgada o higit pa sa itaas ng mga thermostat control. Kadalasa'y makakukuha kayo ng mga kit sa inyong lokal na tindahan ng hardware at inirerekomenda naming ipakabit ninyo ito sa isang lisensiyado at kuwalipikadong propesyonal.
- Ang pagbababa ng inyong temperatura ay maaaring makatulong sa pag-iwas ng mga aksidente sa pagkapaso at makapagpapababa ng halaga ng inyong gastusin sa enerhiya. Ang mga temperatura ng tubig na higit sa 125° F ay maaaring maging sanhi ng matinding pagkapaso o ng pagkamatay. Ang mga pamamahay na may mga maliliit ng bata, mga may kapansanan, o ng mga matatanda ay maaaring mangailangan ng 120° F o mas mababang thermostat setting upang makaiwas sa pagkaroon ng kontak sa “MAINIT” na tubig. Maaari lamang alamin ang rekomendasyon ng gumagawa kung ano ang ligtas na setting ng temperature sa inyong water heater.



- Kung kailangan ninyong palitan ang inyong water heater, tignan ang mga maaari ninyong makuha pang-umalik na kabayaran sa mga kuwalipikadong modelong high-efficiency. Magtungo lamang sa **socalgas.com** para sa karagdagang impormasyon.

KALIGTASAN SA PAGGAMIT NG DRYER

Sundan ang mga pag-iingat na ito upang mabawasan ang panganib ng sunog o pinsala sa mga tao:

- Ang mga dryer na gas ay kailangang laging may daang hangin patungo sa labas.

- Ang mga dryer na gas ay hindi maaaring pasingawin sa attic, pausukan, dingding, kisame, o anumang nakatagong puwang ng gusali.
- Gumamit lamang ng aprubadong bakal na vent ducting material. Ang plastic o vinyl ay hindi aprubadong gamitin sa dryer na gas.
- Palaging siyasatin ang daanan ng singawan upang siguraduhing hindi ito nayuyupi, baluktot o nagkaroon ng anumang hadlang.
- Panatiliing malinis at libre sa anumang pag-ipon ng dumi ang mga lugar na nakapalibot at kaugnay sa entrada ng pasingawan.
- Ang loob ng exhaust duct ay kailangang minsanang linisan ng lisensyado at kuwalipikadong propesyonal.

MGA GATONG PARA SA PUGON NA NATURAL GAS

- Upang makatulong sa pag-iwas sa malubhang aksidente, and damper ay kailangang laging nakabukas ng permanente. Gamitin ang damper lock nakalakip ng gas log assembly kit.

KALIGTASAN PARA SA ATTIC INSULATION

Ang attic insulation ay maaaring makapagpababa ng inyong singil ng enerhiya. Ang insulation na hindi maayos ang pagkakakabit ay maaaring maging maging sanhi ng sunog. Siguraduhing gamitin ang mga sumusunod na pabuya para sa mga bago at kasalukuyang ginagamit ng attic insulation:

- Ilayo ang insulation sa lahat ng mga pinagmumulan ng init, pugon, water heater, recessed light fixtures, fan motors, doorbell transformers, pausukan, flues at daang hangin.
- Magkabit ng barikadang gawa sa mga bagay na hindi madaling masunog sa palibot ng mga pinagmumulan ng init na binanggiti sa itaas.
- Ilayo ang insulation sa lahat ng nakahubad na kable o “knob and tube” wiring.
- Panatiliing ligtas sa insulation ang mga daanan ng hanging patungo forced air furnace.
- Iwanang nakabukas ang daang hangin ng attic at.
- Palaging siyasatin ang attic sa paggalaw ng insulation.
- Tumawag sa isang kontratang lisensyado ng estado kung mayroon kayong anumang katanungan tungkol sa maayos na pagkakabit ng insulation.
- Kung kailangan ninyong baguhin ang inyong attic o insulation sa dingding, siguraduhing tumingin ng mga maaaring makuhang panumbalik ng kabayaran sa **socalgas.com**.

MGA APPLIANCE SAFETY RECALL

Ang U.S. Consumer Product Safety Commission (CPSC) ang siyang naglabas ng anunsoy tungkol sa mga program ng safety recall para sa tinutukoy na appliance ng gas at mga kagamitan. Impormasyon tungkol sa mga recall ng produkto na maaaring makaapekto sa inyong mga appliance ay makukuha sa website ng CPSC (**cpsc.gov**) o sa pagtawag CPSC sa **1-800-638-2772**. TDD/TTY **1-800-638-8270**. Paunawa: Ang link na ito ay magdadala sa inyo sa ibang website na hindi bahagi ng SoCalGas.

MGA PABUYA UPANG MATULUNGAN KAYO SA PAGTITIPID

Makatipid sa inyong buwanang singil ng gas sa pamamagitan ng pagbabawas ng inyong paggamit.

Pagpapa-init ng Tahanan

- Panatiliing naka tune-up ang inyong sistema ng pagpapa-init ng tahanan upang gumana ito sa pinaka-maayos na pagtakbo.
- Linisin o palitan ang mga filter ng pugon ayon sa rekomendasyon ng may gawa nito at makatipid ng hanggang dalawang porsiyento to sa inyong gastusin sa pagpapa-init.
 - Para sa kaligtasan at maayos na pagpapaandar, panatiliing malinis ang lahat ng daang hangin at mga pugon, at walang anumang dumi at mga nakahadlang. Ilayo ang anumang bagay na maaaring makapagpasiklab, tulad ng aerosol cans, tanke ng oxygen, mga likidong madaling masunog, atbp., sa appliance.
- Makatipid ng hanggang 30 porsiyento sa gastusin ng pagpapainit sa pamamagitan ng pagbaba ng inyong thermostat ng 3 hanggang 5 degrees, ayon sa inyong kalusugan.
- Magpakabit ng programmable thermostat upang makatulong sa otomatikong pag-sasaayos ng temperatura ng inyong tahanan para sa comfort control at pagtitipid ng enerhiya.
- Maglagay ng caulk at weather-strip sa mga bintana at pintuang nalulusutan ng hangin mula sa labas.
- Patignan ang inyong mga air duct at siyasatin ang mga ito para sa mga pagsingaw. Ang mga duct ay kailangang ayusin na may gamit ng mastic-type sealant, at hindi duct tape. Maaari kayong makatipid ng hanggang 20 porsiyento ng inyong gastusin sa pagpapainit.
- Buksan ang mga panakip sa bintana sa araw, upang mapainit ng araw ang inyong tahanan. Isara ito sa gabi upang mabawasan ang paglabas ng init.
- Makatipid ng hanggang sa 25 porsiyento ng inyong gastusin sa pagpapainit sa pamamagitan ng pagkabit ng o pagbago ng insulation sa inyong attic at mga dingding.

- Huwag kailanman gamitin ang kalan na gas o parilyang panlanbas para sa pagpapainit ng silid! Hindi ito idinisenyo para sa layuning ito at maaari itong maging sanhi ng sunog o ng panganib ng carbon monoxide.

Mainit na tubig

- Ang paglagay ng termostat ng water heater sa o bahagyang mababa sa nirerekomenda ng manufacturer na 120 degrees ay makakahadlang sa pagka-paso at makakatulong sa pagpapababa ng inyona gastusin sa enerhiya.
- Ayusin ang mga tumutulong gripo. Ang isang tulo ng mainit na tubig bawat segundo ay nakasasayang ng 500 galon sa bawat taon.
 - Kung mayroon kayong water heater na tumatakbo sa gas, ipihit ito sa "Pilot" pag kayo'y nagbakasyon. Kung mayroon kayong de-kuryenteng water heater, patayin ito sa circuit breaker.
- Maglaba ng puno ang dishwasher.
- Magpakabit ng mahinang daloy, na nakatitipid sa tubig na dutsa upang makabawas sa ginagamit na tubig at makatipid ng hanggang 10 porsiyento sa gastusin ng pagpapa-init ng tubig.
 - Maligo ng mas mabilis at mas malamig sa dutsa kaysa sa pagbababad. Ang pagbababad ay gumagamit ng hanggang sa 2 1/2 beses na mas maraming mainit na tubig kaysa sa pagligo sa dutsa ng limang minuto.
 - Balutin ang mga panlabas na hindi nakabalot na tubo ng mainit na tubig.

Paglalaba

- Maglaba lamang ng puno ang washing machine o baguhin ang antas ng tubig na angkop sa dami ng labada. Gumamit ng malamig na tubigat pumili ng sabong panlaba na angkop sa paglaba sa malamig na tubig.
- Laging magpatuyo ng puno ang dryer kung kailan posible. Huwag magpatuyo ng labis. Magpatuyo ng dalawa o higit pang labada na magkasunod upang mapakinabangan ang natitirang init sa dryer. Linisin ang lint screen bago umpisahan ang pagpapatuyo. Minsanang alisin ang anumang dumi sa labasan ng hangin ng dryer, sa likod ng dryer at sa likod ng screen o pansala.

Pagluluto

Huwag ipainit ang inyong oben kung hindi ninyong kailangan, at huwag buksan ang pintuan ng oben habang niluluto ang pagkain.

- Gumamit ng mga kaldero at kasirola na angkop ang laki sa kalan at takpan ang mga kaldero habang nagluluto. Magluto ng madaming pagkain ng sabay-sabay, at magluto sa pamamagitan ng paggamit ng mga gabay sa oras at temperatura.
- Panatiliing malinis ang hurno at ang ibabaw ng mga kalan.

MAGKANO ANG NATURAL GAS?

Ang mga sumusunod ay ang pangkaraniwang gastusin upang magpatakbo ng pangkaraniwang appliance ng natural gas.



PUGON

Ang pangkaraniwang tahanan ay gumagastos ng \$2.00 bawat araw sa mga pinakamalamig na buwan ng taglamig.



WATER HEATER

Ang pagpapainit ng tubig para sa sambahayan na binubuo ng tatlong tao (60 galon/araw) ay nagkakahalaga ng humigit kumulang \$27.00 bawat buwan.



IBABAW NG KALAN

Ang pagluluto sa medium na apoy ay nagkakahalaga ng humigit kumulang na \$0.12 per meal.



DRYER NG DAMIT

Ang pagpapatuyo ng isang load ay nakakahalaga ng humigit kumulang \$0.12.

Ito'y pagsasalarawan lamang. Pangkaraniwan sa pamamahay na 1,600-kuwadradong talampakang single-family home, na may gamit na 443 therms ng gas sa isang taon, sa Southern California. Ang mga halaga'y ipinalagay sa Southern California Gas Company na Pangkaraniwang Antas ng Residential Class sa \$1.50 per therm, at pinapainit ang tahanan sa 68 degrees Fahrenheit. Ang mga antas ay maaaring magbago. Ang aktuwal na halaga ay magkakaiba at maaaring maging mas mababa sa mga mas bagong mga bahay na may mga appliance na energy-efficient.

ANG PAGBASA NG INYONG BUWANANG PAGSINGIL

1 DATE MAILED Jun 24, 2010
24 Hour Service
1-800-427-2200 English
1-800-342-4545 Español
1-800-252-0259 TTY
www.socalgas.com

ACCOUNT NUMBER 128 102 5990 8
SERVICE FOR
JOHN Q PUBLIC
123 TEST ST
PLACENTIA CA 92870-1127

2 You are currently receiving the CARE discount. The discount now appears as a separate credit on your bill.

Account Summary

Previous Balance	06/04/10	THANK YOU	\$28.53
Payment Received			- 28.53
Current Charges			+ 34.82
Total Amount Due			\$34.82

Current Charges

Rate: GR - Residential Climate Zone: 1 Baseline Allowance: 10 Therms
Meter Number: 01580945 (Next scheduled read date Jul 14 2010) Cycle: 8

Billing Period	Days	Current Reading	Previous Reading	Difference	Billing Factor	Total Therms
05/13/10 - 06/15/10	33	5448	5411	35	1.017	36

GAS CHARGES

Customer Charge	33 Days x \$ 1.6438	Amount	5.42
Gas Service (Details below)	36 Therms		
Baseline	Over Baseline		
Therms used 16	20		
Rate/Therm \$ 7.5625	\$ 99600		
Charge \$12.10	+ \$19.92		32.02
CARE Program Discount			-7.49
Total Gas Charges			\$29.95

TAXES & FEES ON GAS CHARGES

State Regulatory Fee	36 Therms x \$ 0.0068	Amount	.02
CARE Public Purpose Surcharge	36 Therms x \$ 0.04671		1.68
Los Angeles City Users Tax	\$31.65 x 10.00%		3.17
Total Taxes and Fees on Gas Charges			\$4.87
Total Current Charges			\$34.82

3 DATE DUE Jul 16, 2010
AMOUNT DUE \$34.82

Gas Usage History (Total Therms used)

Month	Total Therms used	Daily average	Days in billing cycle
Jun 09	32	1.1	30
May 10	34	1.2	29
Jun 10	36	1.1	33

4 In your bill inserts this month:

- What can you do to reduce your energy costs?
- What is the clean fuel of choice?
- Easy, secure and good for the environment

5 The Gas Company's gas commodity cost per therm for your billing period:
Jun \$ 4.1577 May \$ 4.2672

6 Please enter amount enclosed
\$
Write account number on check and make payable to The Gas Company.

7 ACCOUNT NUMBER 128 102 5990 8
DATE DUE Jul 16, 2010
AMOUNT DUE \$34.82

8 JOHN Q PUBLIC
123 TEST ST
PLACENTIA CA 92870-1127

THE GAS COMPANY
PO BOX C
MONTEREY PARK CA 91756-5111

80 1281025990 00003482 85 1281025990 0000062984

- Ang impormasyon ng pag-kontak at mas malinaw na inihahayag.
- Ang Bagong Daglat ng Account ay malinaw na nagpapakita ng inyong nakaraang singil at kabayaran, at ng mga bagong singil.
- Ang bago, at mas madaling hanaping takdang petsa ng bayaran at halaga ng siningil.
- Ang bagong talanguhit ay nagpapakita ng paghahalintulad sa isang tingin ng paggamit na gas.
- Pina-simpleng impormasyon ng paggamit na gas.
- Bagong lokasyon ng mga mahahalagang mensahe at paraan upang masaayos ang inyong pagsingil sa gas.
- Para sa mga mamimiling nakalista sa CARE, ang diskuwento ay ngayong nakalarawan bilang hiwalay na tala sa inyong pagsingil.
- Ang aming online na pagsingil ay nagbago na rin. Nag-aalok na kami ng paperless billing at pagbabayad sa pamamagitan ng "My Account."

MGA MADALAS NA KATANUNGAN AT KASAGUTAN TUNGKOL SA INYONG BUWANANG SINGIL

Paano itinatakda ang mga presyo?

Ang presyo na gas ay itinatakda ng California Public Utilities Commission (CPUC). Ang layunin ng Komisyon ay humikayat ng maayos na gamit ng natural gas sa pamamagitan ng pagtatakda ng “baseline therm allowances” para sa lahat ng mamimiling residensyal.

Ano ang mga baseline therm allowances?

Sa pagtukoy ng CPUC, sa ilalim ng direksiyong ng Lehislatura ng Estado, ang mga “baseline therm allowances” ay ang dami ng natural gas na kailangan upang makamit ang pinakamababang pangangailangan base sa pangkaraniwang tahanan. Ang SoCalGas ay kailangang sumingil sa pinakamababang halagang pang-residensyal.

Ano ang Medical Baseline Allowance?

Kung mayroong tao sa inyong pamamahay na nangangailangan ng karagdagang space heating nang dahil sa isang medikal na kondisyon, maaari kayong maging kuwalipikadong makatanggap ng karagdagang natural gas sa pinakamababang (basehang pagsingil) singil. Para sa karagdagang impormasyon, magtungo lamang sa **socalgas.com** o tumawag sa 1-800-427-1345.

Bakit nagbabago ang singil ng aking gas?

Ang nagbabagong kondisyon ng panahon ay maaaring makaapekto sa dami ng natural gas na inyong ginagamit. Kapag malamig sa labas, ang inyong pugon at water heater ay higit na magtatrabaho upang painitin ang inyong tahanan at magpainit ng malamig na tubig. Ang pagbababago sa presyong lansakan ng natural gas na naka-base sa kondisyon ng merkado, ay maaari ding makaapekto sa inyong singil. Ang SoCalGas ay aktibong naghahanap at sumusuporta sa mga bagong supplier at pinagkukunan ng natural gas upang makatulong sa pagpapanatili ng mababang halaga ng natural gas.

Bakit iba ang singil na gas sa kapitbahay ko?

Bagama't maaaring magkasinlaki ang mga bahay ninyo, maaaring magkaiba ang singil sa gas dulot ng pagkakaiba ng pagpili ng temperature sa bahay, kadalasan ng paglalaba, pagligo, at pagluto. Maari ding lumakas ang paggamit nito kapag mayroong mga bisita o bagong miyembro ng pamilya. Iba't ibang uri ng panakip sa sahig, panakips a bintana, at mga appliance ay maaari din makaapekto sa dami ng gas na inyong ginagamit.

Anong kailangan kong gawin kung ang singil ng gas sa akin ay mas mataas kaysa pangkaraniwan?

Tignan ang mga sumusunod:

- Mayroon bang on/ off na switch ang inyong thermostat? Kung wala, otomatikong sisindi ang pugon kapag ang temperatura ay bumaba kaysa sa pagkakalagay.
- Kayo ba'y nakaiwan ng evaporative cooler ducts ng bukas sa panahon ng taglamig?
- Mayroon bang tulo sa mga tubo ng mainit na tubig o anumang mga kasangkapang tumutulo?
- Pinihit ba ninyo ang inyong pool o spa burner valve sa “off” o “pilot” na position para sa taglamig? Pag inilagay ninyo ang thermostat sa pinakamababang setting, ang heater ay aandar lamang kuung ang temperatura ay bumaba nang higit na mababa.
- Kayo ba'y nakatanggap ng mensahe tungkol sa pagtaas ng presyo ng gas?
- Nagkaroon ba kayo ng bisita o ng bagong miyembro ng pamilya sa loob ng panahon ng pagsingil?

ANG PAGBABAYAD NG INYONG BUWANANG PAGINGIL

Ang mga pagsingil ay kailangang bayaran sa panahon ng pagtanggap at tinutukoy na huli kung hindi bayaran sa loob ng 19 na araw mula sa paghulog sa koreo na siyang nakalista sa pagsingil. Ang mga kabayaranang tseke ay kailangang gawing kabayaran sa The Gas Company, Southern California Gas Company o sa SoCalGas. Ang mga sumusunod ay ang paliwanag ng mga iba't-ibang pamamaraan ng pagbayad na kasalukuyang maaaring gamitin. Sa karagdagan impormasyon sa mga paraan ng pagbabayad, magtungo lamang sa aming website sa **socalgas.com**.

MGA PAMAMARAAN NG PAGBAYAD

Online sa pamamagitan ng My Account

Tumanggap at bayaran ang inyong pagsingil sa aming ligtas na My Account site. Sa My Account, maaari ninyong tignan ang hanggang sa dalawang taon ng account history, magsumite ng kahilingang magpakabit, itigil, o ilipat ang serbisyo ninyo ng gas, magpatakda ng serbisyo, humingi ng kasunduan sa pagbabayad, at higit pa dito.

Home banking

Ang nagbibigay daan sa inyo upang matanggap ninyo ang inyong pagsingil ng gas sa iisang website, tulad ng inyong bangko, credit union, brokerage firm o sa inyong paboritong Web portal. Maraming mga home banking sites ang nagaalok ng mga "e-bill" – upang makatulong kayo sa kalikasan sa pamamagitan ng pagtigil sa paghiling ng inyong papel na bill at pagtanggap ng elektronikong pagsingil na lamang. Upang malaman kung nakikilahok ang inyong institusyong pinansyal, magtungo lamang sa ebillplace.com/cda/ebillplace. Paunawa lamang: This link na ito ay magdadala sa inyo sa ibang website na hindi bahagi ng SoCalGas. Maaari din kayong magpalista para sa paperless billing sa socialgas.com.

Mga Sangay na Tanggapan at ahensiya ng pagbabayad

Upang hanapin ang lokasyon ng pinakamalapit na sangay na tanggapan o ahensiya ng pagbabayad, matungo lamang sa socialgas.com, tignan ang likod ng inyong pagsingil, o tumawag sa 1-800-427-1345. Maaari lamang kayong maging handa sa pagbigay ng inyong five-digit zip code.

Direct debit

Ang nagbibigay-daan upang otomatikong ibawas sa inyong checking account ang inyong buwanang kabayaran, 10 araw matapos ang buwanang pagsingil ay inihulog sa koreo. Kung nais ninyong mag "go green," maaari din kayong magpalista upang makatanggap kayo ngelektronikong singil, ngunit magbayad pa rin na gamit ang direct debit. Magpalista lamang para sa paperless billing sa socialgas.com.

Sa telepono: Debit, ATM, Visa® at MasterCard®

Kami'y nag-aalok ng karagdagang paraan ng pagbayad sa pamamagitan ng isang independent provider na tinatawag na BillMatrix. Para sa karagdagang halaga, maaari kayong magbayad sa pamamagitan ng Electronic Check, Debit/ATM o VISA/MasterCard

credit card sa pamamagitan ng BillMatrix. Habang ang SoCalGas ay hindi naniningil ng ano man para sa serbisyong ito, ang BillMatrix ay naniningil ng convenience fee ng \$1.50 sa bawat transaction. Upang magbayad sa telepono sa pamamagitan ng BillMatrix, tumawag sa 1-800-232-6629. Hindi kailangang magpalista sa BillMatrix.

Maaari din kayong magbayad sa telepono sa pamamagitan ng pagpapalista sa programang Pay by Phone ng SoCalGas. Upang makatanggap ng aplikasyon, magtungo lamang sa socialgas.com upang maka download ng aplikasyon. Kapag kayo'y nakapagpalista na, maaari na kayong magbayad sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-427-2700.

Level Pay Plan

Magpalista sa Level Pay Plan sa socialgas.com upang makatulong sa pagsasaayos ng mga pagtaas at pagbaba ng inyong buwanang pagsingil sa gas. Ang planong ito ay ikinakalkula ang karaniwang konsumo ng gas sa loob ng 12-buwan na panahon. Magbabayad kayo ng karaniwang halaga bawat buwan kaysa ang aktuwal na sinisingil. Ang antas ng halagang binabayaran ay maaaring muling siyasin at isaayos bawat anim na buwan kung mayroong katangi-tanging pagtaas o pagbaba ng paggamit ng gas o sa halaga ng gas.

MGA PROGRAMA SA PAGTULONG SA MAMIMILI

Diskuwentong tulong

- Ang diskuwentong 20 porsiyento ay maaaring makamtan ng mga mamimiling karapat-dapat at kuwalipikado base sa kinita, sa pamamagitan ng aming Programang California Alternate Rates for Energy (CARE). Para sa karagdagang impormasyon o aplikasyon, magtungo lamang sa socialgas.com o tumawag sa 1-800-427-1345. TDD/TTY 1-800-252-0259.

- Mga libreng pagsasaayos ng bahay tulad ng attic insulation at weather-stripping ng pintuan ay maaaring makamtan ng mga maybahay at umuupa na karapat-dapat, at kuwalipikado base sa kinikita sa pamamagitan ng aming Energy Savings Assistance Program. Para sa karagdagang impormasyon, magtungo lamang sa socialgas.com o tumawag sa 1-800-427-1345.

- Ang karagdagang gas sa pinakamababang halaga ay maaaring makamtan ng mga sambahayang may mga kuwalipikadong medikal na pangangailangan sa pamamagitan ng aming Medical Baseline Program. Isang sertipikasyong galling sa doktor. Para sa impormasyon, magtungo lamang sa socialgas.com o tumawag sa 1-800-427-1345.

- Ang one-time bill assistance ay maaaring makamtan ng mga mamimili na kuwalipikado base sa kinikita sa mga buwan ng taglamig sa pamamagitan ng aming Gas Assistance Fund. Para sa impormasyon, magtungo lamang sa **socalgas.com** o tumawag sa 1-800-427-1345.
- Tulong sa pagbayad ng singil ng enerhiya para sa mga mamimiling kuwalipikado base sa kinikita ay maaaring makamtan sa pamamagitan ng programa ng ponding pederal na LIHEAP. Para sa mga detalye, tumawag lamang sa 1-866-675-6623. TDD/TTY 1-916-327-6318 o CA Relay Service 7-1-1.

Kailangan ng paalala tungkol sa inyong pagsingil?

Kung minsang nakakalimot kayong magbayad ng inyong mga pagsingil ng gas – o mayroon kayong kilala na may edad, may kapansanan, o laging wala sa bahay – pagsamantalahan ang aming programang Third Party Notification. Ito ay libre at makakatulong sa pag-iwas ng pagpatay ng serbisyo ng gas. Hetong pamamaraan: kayo'y pipili ng kaibigan, kamag-anak, o social agency na inyong pinagkakatiwalaang makatanggap ng mga kopya ng mga paalala ng hindi pagbabayad. Ang third party ay hindi responsable sa pagbabayad, kungdi sa pagpapalaal lamang sa inyo na mayroong pagsingil na lampas na sa takdang araw ng bayaran, at kayo na ang gagawa ng mga susunod na hakbang upang maiwasan ang pagpatay ng serbisyo ng gas. Para sa impormasyon, matungo lamang sa **socalgas.com** o tumawag sa 1-800-427-1345. TDD/TTY 1-800-252-0259.

MAAYOS NA PAGTAKBO NG ENERHIYA AT MGA PROGRAMA SA PAGPANUMBALIK NG KABAYARAN

Mga Pagpapanumbalik ng Kabayaran

Ang SoCalGas ay nagaalok ng mga pagpapanumbalik ng kabayaran para sa mga maayos na patakbo ng mga appliance sa mga maybahay, may ari ng ari-arian, at mga property manager ng mga multifamily units at mga business customers. Ang mga pagpapanumbalik ng kabayaran ay maaaring makamtan sa kuwalipikadong ENERGY STAR® na pugon, clothes washers, dishwashers, storage water heaters, tankless water heaters, attic insulation, wall insulation at higit pa. Para sa mga detalye at kung maaari ninyo itong makamtan, magtungo lamang sa **socalgas.com** o tumawag sa:

Residential: 1-800-427-1345

Multifamily: 1-800-427-1345

Business: 1-800-427-1345

Mga Pagtatasa Ukol sa Maayos na Pagtakbo ng Enerhiya sa Pamamahay

Kumuha ng personalisadong pagtatasa ng inyong paggamit ng enerhiya sa inyong tahanan. Magtungo lamang sa **socalgas.com** para sa karagdagang impormasyon sa aming mga online at mail-in na pagtatasa.

*Ang mga programang ito ay pinondohan ng mga mamimili ng California utility customers at ipinamamahala ng Southern California Gas Company sa ilalim ng California Public Utilities Commission. Ang mga pagpapanumbalik ng kabayaran ay makamamit sa first-come, first-served basis, hanggang ang mga pondo ng programa ay naubos na. Ang mga ibang termino at kondisyon ay maaaring kinakailangan.

Energy Upgrade California™

Ang Energy Upgrade California, ay isang bagong programa na bukas sa mga mamimiling residensyal ng parehong SoCalGas at Southern California Edison, at nagaalok ng mga insentibong umaabot hanggang \$4,000 sa paggawa ng mga energy-efficient na pagsasaayos sa inyong tahanan.** Sa paggawa ng kombinasyon ng lahat ng pagsasaayos sa mga sistemang naguugnay sa enerhiya, kasama na ang insulation, air sealing, ducting, space heating at pagpapalamig, maayos na pagpatakbo ng enerhiya ng isang tahanan at ang kaginhawahang panloob ay higit na masasaayos.

Para sa karagdagang impormasyon, magtungo lamang sa **socalgas.com**, o **EnergyUpgradeCA.org**. *Paunawa: Ang link na ito ay magdadala sa inyo sa ibang website na hindi bahagi ng SoCalGas.*

**Ang mga mamimiling nakatira sa loob ng Los Angeles County ay maaaring kuwalipikado sa karagdagang pagpapanumbalik ng kabayaran mula sa Los Angeles County. Ang programang Energy Upgrade California ay nasa ilalim pa rin ng pagpapalaganap sa buong estado at maaaring magbago ng walang pahintulot. Ang programa ay hinahatid sa first-come, first-served basis hanggang naubos na ang pondo o hanggang matapos ang programa, kung anumang ang nauna. Ang pakikilahok sa programa ay makamamit ng mga mamimili ng parehong Southern California Edison (SCE) at Southern California Gas Company lamang. Ang mga kuwalipikadong tahananang pang-isahang pamilya ay kinakailangang mayroong mabisang adres ng pagsingil ng SCE at SCG sa loob ng parehong SCE at SCG teritoryo ng serbisyo. Ang mga pagsisiyasat bago at matapos ay maaaring kailanganin upang maging kuwalipikado sa mga insentibo. Limitado ang partisipasyon sa isang kabayaranang insentibo sa bawat sambahayan. Ang mga tseke ng insentibo ay ihuhulog sa koreo ng apat hanggang anim na linggo matapos makumpleto ang programa. Kumonsulta lamang sa inyong tagapaghatid ng utility provider para sa pagkuwalipika sa partisipasyon sa programa.

Mga maaaring paraan ukol sa pananalapi

Inihahatid ng SoCalGas at sinusuportahan ng Fannie Mae, ang programang ito ay makatutulong sa inyong gastusin sa mga pagsasaayos ng energy-efficient na pamamahay sa paggamit ng pagpipansiyang walang kailangang kolateral at mababang interes mula \$2,500 hanggang \$20,000. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag lamang sa Viewtech Financial Services, na siyang tagapamahala ng programa, sa 1-888-502-4222.

IBANG MGA SERBISYO

24-oras na pagtugon sa kagipitan

Kung mayroon kayong ay nasa oras ng kagipitan na nauukol sa natural gas, tumawag lamang sa aming 24-oras na linya sa 1-800-427-1345. TDD/TTY 1-800-252-0259.

Mga Paraan ng Pansariling Pagseserbisiyo

Humiliing ng maraming uri ng serbisyo online, 24/7. Ito'y kumbinyente at mabilis. Humiling ng pagumpisa, pagtigil o pagpapalipat ng serbisyo ng gas, humiling ng order ng serbisyo, gumawa ng kasunduan sa pagbabayad, at higit pa. Magtungo lamang sa **socalgas.com** para sa mga detalye.

Mga appointment ng serbisyong pang residensyal

Ang aming mga bihasang panserbisyong empleyado ay masisiguro na ang inyong mga appliance ay maayos at ligtas ang pagtakbo. Maari din silang magsaayos ng mga burner ng gas, pilot, at gumawa ng mga limitadong pangungumpuni. Mag-schedule ng inyong serbisyo online sa pamamagitan ng **socalgas.com**.

- **STANDARD APPOINTMENT - WALANG BAYAD**

Para sa takdang pagdating sa umaga (ika-7 n.u. hanggang tanghali), ang panhapon (tanghali hanggang ika-5 n.h.), o panggabi (ika-5 n.h.- ika-8 n.g.) na mga oras.

- **SPECIAL APPOINTMENT - \$25 NA KABAYARAN***

Upang dumating ng takdang oras, iniaalok ito mula ika-8 n.u. hanggang ika-7 n.g., Lunes hanggang Biyernes, sa oras o kalahating oras. Ang aming panserbisyong empleyado ay dadating sa loob ng 30 minutos sa oras na itinakda.

*Maaaring magbago ang halaga ng kabayaran.

Higit na impormasyon tungkol sa aming mga programa at serbisyo ay makikita sa aming website sa **socalgas.com**.

PAANO KAMI MATATAWAGAN

Contact Center ng Mamimili

Kung kailangan ninyo ng tulong, magtungo na lamang sa **socalgas.com** o tumawag sa isa sa mga sumusunod na bilang:

- **24-oras na pagtugon sa oras ng kagipitan** 1-800-427-1345
- **Mga mamimiling residensyal** 1-800-427-1345
- **Mga mamimiling pangnegosyo** 1-800-427-1345
- **Mga pagpapanumbalik ng kabayaranang para sa mga residensyal** 1-800-427-1345
- **Mga pagpapanumbalik ng kabayaranang para sa mga tirahan ng maramihang pamilya** 1-800-427-1345

Text Telephone (TDD) / Teletypewriter (TTY)

Ang mga mamimiling may kapansanan sa pandinig na hindi makagagamit ng pangkaraniwang telepono ay maaaring tumawag ng walang kabayaran sa 1-800-252-0259. Tawagan ang inyong lokal na kompanya ng telepono para sa impormasyon tungkol sa paggamit ng natatanging kagamitang ito.

Multilingual call center

Ang mga respresentanteng nagsasalita ng Espanyol at serbisyo ng pagsasalin ay makakamtan ng 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Ang aming dedikadong Intsik, Koreano, at Vietnamese na representante ay matatawagan ng Lunes-Biyernes, ika-8:00 n.u. - ika- 5:00 n.h.

Para asistencia en español, llame al	1-800-342-4545
欲知詳情・請洽 免費粵語專線:	1-800-427-1420 (Cantonese)
더 자세한 안내를 받으시려면 다음 한국어 전화로 문의해 주십시오:	1-800-427-0471 (Korean)
欲知詳情・請洽 免費國語專線:	1-800-427-1429 (Mandarin)
Để biết thêm chi tiết bằng tiếng Việt, xin gọi:	1-800-427-0478 (Vietnamese)
Mga ibang linguwahe o salita (sa pamamagitan n gaming serbisyo ng Linya ng Salitang Pagsasalin)	1-888-427-1345

Ipadala ang mga kabayaran sa:

Southern California Gas Company
P.O. Box C
Monterey Park, CA 91756

Sulatan kami sa:

Southern California Gas Company
Centralized Correspondence Dept. SC 8410
P.O. Box 3150
San Dimas, CA 91773

Magtungo sa aming website:

socalgas.com



Southern
California
Gas Company



A Semptra Energy utility®

Glad to be of service.®